POPULATION HEALTH DIVISION
SAN FRANCISCO DEPARTMENT OF PUBLIC HEALTH

# Syphilis

Ang syphilis ay isang impeksyong nakukuha sa pakikipagtalik [sexually transmitted infection (STI)] na dulot ng isang uri ng bacteria na tinatawag na Treponema pallidum. Maaari itong kumalat mula sa isang tao patungo sa isa pa sa pamamagitan ng pisikal na kontak sa panahon ng vaginal, anal, o oral sex. Kadalasan, lumalabas ang mga sintomas 2-12 linggo pagkatapos ng pagkalantad sa syphilis.

## *Ano ang mga sintomas ng syphilis?*

Mga posibleng maagang sintomas: (2-12 linggo pagkatapos mahawa). Ito ay tinatawag na primary syphilis.

- Isang sugat (sore) na tinatawag na chancre. Maaaring mayroong higit sa isa. Karaniwang hindi masakit ang mga ito. Maaaring ang mga ito ay nasa penis, scrotum, vaginal lips, anus, o bibig. Maaaring hindi mapansin ang mga sugat na ito kung hindi mo makikita o mararamdaman ang mga ito dahil maaaring ang mga ito ay nasa loob ng vagina, bibig o anus. ***Kahit hindi gamutin, ang mga sugat na ito ay mawawala pagkaraan ng ilang linggo, ngunit nahawaan ka pa rin at maaaring makahawa sa mga sex partner.***
- Ang mga lymph gland na malapit sa sugat ay maaaring mamaga ngunit hindi masakit.

Mga posibleng sintomas kalaunan: (4-12 linggo pagkatapos mahawa). Ito ay tinatawag na secondary syphilis.

- Karamdamang katulad ng trangkaso na may kasamang pananakit ng lalamunan, sakit ng ulo, at lagnat.
- Pantal sa balat (skin rash) sa buong katawan at kung minsan sa mga palad ng kamay at mga talampakan ng paa (hindi makati).
- Anumang rash sa mga genital.
- Mga tumutubo na parang wart na maaaring lumitaw sa mga genital o sa paligid ng anus.
- Mga tagpi (patches) na kulay abo/puti na maaaring lumitaw sa dila o lalamunan kasama ng nananakit na lalamunan.
- Maaaring mapansin ang tagpi-tagping pagkawala ng buhok.
- Mga sintomas ng sistemang nerbiyos: paninigas ng leeg, pagduduwal, pagsusuka, mga kombulsyon, pagkawala ng pandinig at isang mapula at masakit na mata. ***Kahit hindi gamutin, ang mga sintomas na ito ay mawawala pagkaraan ng ilang linggo, ngunit nahawaan ka pa rin*** at maaaring makahawa sa mga sex partner.

## *Paano ko malalaman kung mayroon akong syphilis?*

- Kung mayroon kang sugat (sore) sa iyong mga genital, sa iyong anus o mayroong pantal sa balat (skin rash), magpasuri ng STI. Mayroong mga espesyal na mga pagsusuri sa City Clinic para masuri ang syphilis sa araw ng iyong pagbisita.
- Madalas, maaaring hindi napapansin ang syphilis ngunit ang isang pagsusuri sa dugo ang magpapatunay nito.

## *Mapanganib ba ang syphilis?*

- Maaaring makahawa ang syphilis sa utak, mata at tainga na nagreresulta sa matinding sakit ng ulo, paninigas ng leeg, mga kombulsyon, isang masakit at mapulang mata na may pagkalabo ng paningin o pagkawala ng pandinig.
- Ang mga buntis na babaeng may syphilis ay maaaring maipasa ang impeksyon sa sanggol na maaaring magdulot ng maraming problema sa kalusugan ng sanggol.
- Ang Syphilis at HIV ay karaniwang magkasama. Ang mga sugat ng primary syphilis ay maaaring gawing mas madali para sa HIV na maipasa patungo o mula sa isang partner.

- Kung ikaw ay may syphilis at negatibo sa HIV, aalukin ka ng isang HIV test kasabay ng pagsusuri sa iyo ng syphilis. Kung ang resulta ng pagsusuri ay negatibo, mangyaring makipag-usap sa iyong tagapagkaloob ng serbisyo tungkol sa pre-exposure prophylaxis (PrEP).
- Kung positibo ka sa HIV at hindi umiinom ng gamot para sa HIV, ang syphilis ay maaaring mas mapalala ang iyong sakit na HIV.

## *Paano ginagamot ang syphilis?*

- Ang penicillin ay nagpapagaling ng syphilis. Ang iba pang gamot ay maaaring gamitin kung talagang allergic ka sa penicillin.
- Kung minsan ay sinusuri namin ang syphilis sa mga tao na hindi na aktibo sa pakikipagtalik (sexually active). Maaaring nahawaan na sila maraming taon na ang nakalipas. Inirerekomenda namin ang paggamot para sa kanila dahil ang ilang tao na may matagal na panahon na hindi nagamot ang syphilis ay maaaring magkaroon ng pinsala sa utak, puso, at sistema sa nerbiyos. Sa huling yugto na ito ng syphilis, ang isang tao ay hindi na nakakahawa sa mga sex partner.

## *Ano ang maaari kong gawin kung mayroon akong syphilis?*

- Ang iyong (mga) sex partner ay dapat suriin at gamutin. Kung hindi magamot, maaari nilang maibalik ang impeksyon sa iyo, o makahawa ng iba.
- Ang iyong syphilis blood test ay maaaring mamalaging positibo (hindi normal) kahit na pagkatapos ng paggamot. Hindi ka na nakakahawa kapag natapos na ang paggamot. Mangyaring ipaalam sa sinumang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na sumuri sa iyo para sa syphilis na mula ngayon ay nagamot ka na sa nakaraan.
- Kakailanganin mong mataya tatlong buwan pagkatapos ng paggamot, at nang regular sa unang taon ng iyong pagsusuri at paggamot. Kasama rito ang exam at mga blood test.

## *Paano ko maiiwasan ang pagkakaroon ng syphilis?*

- Ang mga condom ay mabisa sa pagbabawas ng panganib ng impeksyon.
- Tanungin ang iyong tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa doxy-PEP.
- Huwag makipagtalik kung ikaw o ang isang sexual partner ay mayroong sintomas ng isang STI, kabilang ang discharge, napapaso sa pag-ihi, rash, o mga genital sore.

## *Ano ang maaari kong asahan kapag nasuri ako na may syphilis?*

Makikipag-ugnayan sa iyo ang isang Department of Public Health Disease Control Investigator. Tutulungan ka nilang mas maunawaan ang iyong impeksyon at bibigyan ka ng impormasyong kailangan para maprotektahan ang iyong kalusugan sa hinaharap at makatulong na magamot ang iyong mga partner.

**Para sa higit pang impormasyon:**

Mangyaring makipag-usap sa iyong City Clinic clinician o sa iyong sariling health care provider. Ang sumusunod na mga website ay nag-aalok din ng makakatulong na impormasyon:

Para sa STI check-up o paggamot,
pagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org

**Pangkalahatang STI**
www.ashasexualhealth.org (mayroon din sa Español)
www.cdc.gov/std/

www.sfcityclinic.org

**Teens**
www.iwannaknow.org
www.kidshealth.org/teen
(mayroon din sa Español)
www.scarleteen.com

**Contraception at STI/sex info**
www.bedsider.org
www.scarleteen.com

Para sa STI check-up o paggamot,
pagkita sa iyong health care provider, local clinic, o pumunta sa:

City Clinic
A landmark in prevention

City Clinic
356 7th Street
(sa pagitan ng Folsom at Harrison)
San Francisco, CA 94103
(628) 217-6600
www.sfcityclinic.org